IB DIPLOMA PROGRAMME
PROGRAMME DU DIPLÔME DU BI
PROGRAMA DEL DIPLOMA DEL BI

M04/143/H(2)

**PILIPINO A1 – HIGHER LEVEL – PAPER 2**
**PILIPINO A1 – NIVEAU SUPÉRIEUR – ÉPREUVE 2**
**FILIPINO A1 – NIVEL SUPERIOR – PRUEBA 2**

Tuesday 11 May 2004 (morning)
Mardi 11 mai 2004 (matin)
Martes 11 de mayo de 2004 (mañana)

2 hours / 2 heures / 2 horas

---

INSTRUCTIONS TO CANDIDATES

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Answer one essay question only. You must base your answer on at least two of the Part 3 works you have studied. You may include in your answer a discussion of a Part 2 work of the same genre if relevant. Answers which are not based on a discussion of at least two Part 3 works will not score high marks.

INSTRUCTIONS DESTINÉES AUX CANDIDATS

- N'ouvrez pas cette épreuve avant d'y être autorisé(e).
- Traitez un seul sujet de composition. Vous devez baser votre réponse sur au moins deux des œuvres de la 3e partie que vous avez étudiées. Le cas échéant, vous pouvez inclure dans votre réponse une discussion sur une œuvre du même genre littéraire étudiée dans la 2e partie du programme. Les réponses qui ne sont pas basées sur au moins deux des œuvres de la 3e partie n'obtiendront pas une note élevée.

INSTRUCCIONES PARA LOS ALUMNOS

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- Elija un tema de redacción. Su respuesta deberá basarse en al menos dos de las obras estudiadas en la Parte 3. Se podrán hacer comentarios sobre una obra de la Parte 2 del mismo género, si fuera necesario. Las respuestas que no incluyan una discusión sobre al menos dos obras de la Parte 3 no recibirán notas altas.

*Sumulat ng sanaysay tungkol sa* ***isa*** *sa mga sumusunod na tanong. Dapat ibatay ang iyong sagot sa dalawa o higit pang akdang binasa sa Ikatlong Bahagi ng mga pinag-aralang panitikan. Maaaring isama sa sagot ang pagtalakay sa isang akdang nasa Ikalawang Bahagi, kung ito ay katulad sa anyo at kung may kaugnayan. Ang mga sagot na hindi ibinatay sa hindi kukulangin sa dalawang akdang nasa Ikatlong Bahagi ay hindi mabibigyan ng mataas na marka.*

**Nobela**

**1.** *Maaaring ito:*

(a) Bilang isa sa mga batayang yunit sa lipunan, di maiiwasang maaapektuhan ang pamilya ng mga pwersang panlipunan at mahahalagang pangyayari. Sa mga anong paraan inilarawan at pinatingkad ito sa mga nobelang iyong napag-aralan? Ikumpara.

*o ito:*

(b) Karaniwang ginagamit ng mga manunulat ang simbolismo para sa pagpapahayag ng tema ng kanilang akda. Gaano kamatagumpay itong naisagawa ng mga manunulat sa mga akdang iyong napag-aralan?

**Maikling Kwento**

**2.** *Maaaring ito:*

(a) Batay sa iyong mga akdang nabasa, ipakita kung paano napatingkad o napalalim ng mga may-akda ang karanasang isinasalaysay dahil sa punto-de-bistang kanilang ginamit.

*o ito:*

(b) Kadalasan, ginagamit ng mga may-akda ang maikling kwento bilang behikulo ng pagbabahagi ng bagong perspektiba at pag-angat ng kamulatan ng mambabasa sa ilang mga problemang panlipunan. Maghambing ng dalawang akdang iyong napag-aralan na nagpapakita nito.

**Dula**

**3.** *Maaaring ito:*

(a) Maghambing ng dalawang dula na bagamat nagdadala ng magkaparehong tema ay magkaiba namang paraan ang ginamit sa pagsasadula.

*o ito:*

(b) Talakayin kung anong pagbabagong panloob ang maaaring mangyari sa karakter ng pangunahing tauhan dulot ng kanyang paraan ng pagharap o pag-iwas sa mga kaganapan sa kanyang kapaligiran. Ibatay ang iyong sagot sa dalawang akdang iyong napag-aralan.

**Tula**

**4.** *Maaaring ito:*

(a) Isa sa mga layunin ng makata ay ang pukawin ang damdamin at imahinasyon ng mambabasa. Batay sa iyong mga napag-aralang akda, anong mga sangkap ng tula ang nakatulong sa mga makata na matamo ang layuning ito?

*o ito:*

(b) Pumili ng dalawang akda at talakayin ang pagsasanga-sanga ng mga kahulugan ng pag-ibig sa bawat akda.

**Prosa (Hindi Kathang-Isip)**

**5.** *Maaaring ito:*

(a) Sa kanilang mga sanaysay, hangad ng mga manunulat na maibahagi ang kanilang pag-unawa sa buhay at kulturang Pilipino at himukin ang mambabasa na pag-isipan din ito. Talakayin ang pahayag na ito sa pamamagitan ng paghambing ng dalawang akdang iyong napag-aralan.

*o ito:*

(b) Maghambing ng dalawang akdang prosa at talakayin ang konsepto ng kalayaan na inihahain dito.

**Panlahat na mga Tanong**

**6.** *Maaaring ito:*

(a) Pumili ng dalawang akda at paghambingin ang mga paraan ng paglalarawan ng kababaihan at mga usaping pangkababaihan.

*o ito:*

(b) Kadalasan, ang malikhaing manunulat ay nagsisilbing mata ng taumbayan para mas malinaw nilang makita ang mga pangyayari at kalagayang panlipunan sa isang partikular na panahon. Paano natupad ng mga manunulat ang layuning ito sa kanilang mga katha?

*o ito:*

(c) Suriin kung paano inilantad ng dalawang akdang iyong napag-aralan ang madilim na mukha ng lipunan at ang mensahe ng gayon sa mambabasa.

*o ito:*

(d) Talakayin kung paano nakikita ang Pilipinong tradisyon ng pagdedebate o tagisan ng isip sa dalawang akdang iyong napag-aralan.